Ebanghelyo ayon kay Mateo 4 : 23 - 24

Nilibot ni Hesus ang buong Galilea. Nagtuturo siya sa mga sinagoga at ipinangaral ang Mabuting Balita tungkol sa paghahari ng Diyos. Pinagaling din Niya ang mga tao sa kanilang mga sakit at karamdaman. Lumaganap sa buong Siria ang balita tungkol sa Kanya, kaya't dinala sa Kanya ang lahat ng mga may sakit at mga pinahihirapan ng iba't-ibang karamdaman : mga inaalihan ng mga demonyo, ang mga nasisiraan ng bait, ang mga paralitiko, at pinagaling Niya silang lahat.



"Healed of Cancer", ni Dodie Osteen, naglalarawan kung paanong si Dodie na may malubhang kanser sa atay, at binigyan lamang ng 3 Linggo na mabuhay noong 1981. Matapos malaman, siya at ang kanyang asawa, na kapwa mga pastor, ay nanalanging maalis ang kanser, gamit ang 40 natatanging pangungusap hango sa Biblia. Isang aklat na nagbibigay inspirasyon sa lahat na nakikipaglaban sa sakit na kanser. Mayroon ito sa www.amazon.com